



---


Paano Baguhin ang Wika ng Iyong Google Chrome na Browser

---


TAGALOG

## Paano Baguhin ang Wika ng Iyong Google Chrome na Browser


1. Ilunsad ang Google Chrome mula sa iyong start menu o sa pamamagitan ng pag-klik sa icon sa iyong desktop.




2. I-klik ang Menu na buton at pagkatapos ay i-klik ang mga Setting.




3. Hanapin ang Advanced na mga setting piliin ang Languages (mga Wika). Maaaring kailanganin mong i-klik ang dropdown na palaso upang makita ang opsyon. I-klik ang Add languages (Magdagdag ng mga wika). Maaaring kailanganin mong i-klik ang dropdown na palaso sa tabi ng English (Ingles) upang makita ang Add Languages (Magdagdag ng mga Wika).




4. Kapag lumitaw ang window na Add Languages (Magdagdag ng mga Wika), mag-scroll sa wika at i-klik upang markahan ang checkbox. Pagkatapos i-klik ang Add (Idagdag).





5. Kapag nakita mo ang iyong wika sa listahan, i-klik ang menu na buton at markahan ang checkbox at i-klik ang Move to the top (Ilipat sa pinakaitaas).





6. Kapag nakita mo ang iyong wika sa pinakaitaas ng listahan, i-klik ang Relaunch (Ilunsad muli). Isasara nito ang window at bubuksan ang Google Chrome sa iyong wika.



7. Sa mga resulta ng paghahanap, maaari mong i-klik ang opsyon na Translate this page (Isalin ang pahinang ito).



## Paano Maibabalik ang mga Setting ng Wika Pabalik sa Ingles

<p>1. Pumunta sa mga setting ng Wika sa Google Chrome (tingnan ang mga hakbang 1 hanggang 3 sa nakaraang seksyon). I-klik ang More actions (higit pang mga aksyon) na buton sa tabi ng iyong wika. I-klik ang <i>Move to the bottom</i> (Ilipat sa kailaliman).</p>	
<p>2. Kapag nakita mo ang English (Ingles) sa kaitaasan ng listahan, i-klik ang buton na More actions (Higit pang mga aksyon) at markahan ang checkbox na <i>Display Google Chrome in this language</i> (Ipakita ang Google Chrome sa wikang ito).</p>	
<p>3. Maaari mo ring alisin ang idinagdag na wika sa pamamagitan ng pag-klik sa buton na More actions (Higit pang mga aksyon) at pagpili sa <i>Remove</i> (Tanggalin). I-klik ang <i>Relaunch</i> (Ilunsad muli) upang buksan ang Google Chrome sa Ingles.</p>	